# Balitang Manmin

BILANG 85 HUNYO 2, 2013

# Ang Pagkilos ng Espiritu –Parang Kalapati na Bumaba sa mga Kaluluwa sa Europa

1

2

3

4

5

6

7


Mula Abril 16–Mayo 2, 2013, nagmisyon si Pastora Heesun Lee, Pangkalahatang Patnubay na Pastor ng misyon para sa mga kababaihan at kalalakihan, sa limang bansa sa Europa. Ang mga bansang ito ay France, Belgium, Latvia, Estonia, at Bulgaria.

Noong Abril 17, nagdaos si Pastora Lee ng isang pulong panalangin na tinawag niyang 'Fullness of the Spirit' (Puspos ng Espiritu) sa France Manmin Church na pinaglilingkuran ni Misyonerong Paul D. Kang. Noong Abril 19, bumisita siya sa mga miyembro ng Hainaut Manmin Church, pinaglilingkuran ni Misyonera Christina Roh. Pinayuhan niya ang mga miyembro. Noong Abril 20, ipinangaral niya ang tungkol sa 'Keys to Church Revival' (Mga Paraan para Muling Sumigla ang Iglesya) sa seminar para sa mga pastor na ginawa sa Hainaut Manmin Church.

Ipinaliwanag ni Pastora Lee (litrato 1) ang mga pangunahing dahilan kung bakit naging isang napakalaking iglesya ang Manmin Central Church sa Seoul. Mayroon na itong mahigit-kumulang 10,000 sangay at katuwang na iglesya sa buong mundo. Lubos na namangha ang mga pastor na dumalo habang pinapakinggan ang tungkol sa ministeryo ni Dr. Lee. Nagsisi sila dahil hindi nila sinusunod ang Salita ng Diyos, nagpasya silang magbago (litrato 4).

Linggo, Abril 21, idinaos ng Hainaut Manmin Church ang pinakaunang anibersaryong pagsamba ng iglesya. Nangaral si Pastora Heesun Lee at hinimok niya ang mga miyembro na maging masunurin tulad ni Naaman para tumanggap ng mga biyaya. Pagdating ng hapon, nagdaos sila ng pulong na may mahimalang panyong nagpapagaling (Ang Mga Gawa 19:11-12). Maraming miyembro ang gumaling mula sa mga karamdaman nila. Niluwalhati nila ang Diyos.

Pagkatapos, Abril 23, nangunang muli si Pastora Heesun Lee sa isang pulong na may panyong nagpapagaling sa isang iglesya sa Kuldiga, Latvia (litrato 5) at sa isa pang iglesya sa Tallin, Estonia noong Abril 24 (litrato 2, 3). May mga miyembrong tumanggap ng sagot sa mga dalangin at nakaranas ng banal na paggaling dahil sa panalanging may panyo ni Pastora Lee. Napuspos sila ng Espiritu habang nagpupuri at nananalangin.

Noong Abril 26, dumalo si Pastora Lee sa pinakaunang kumperensya sa Balkan na ginawa sa Sofia, Bulgaria. Ang WCDN-Bulgaria ang naghanda para dito. Sa temang 'God the Healer' (Diyos na Nagpapagaling), nangaral siya tungkol sa iba't ibang tanda, himala, at mga makapangyarihang pagkilos na ipinapakita ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa Manmin Central Church.

Sa bawat pulong, nagtanghal ng masasayang papuri ang Power Team ng komite ng sining ng Manmin Central Church. Niluwalhati nila ang Diyos. Binuksan ng mga pagtatanghal ang pintuan ng puso ng mga dumalo. Namangha sila sa pagpapala at emosyon, at minahal ng mga tao ang mga nagtanghal (litrato 6).

Matindi ang pagbagsak ng Cristianismo sa lugar na ito, subalit sa biyaheng ito, muling napagningas ng grupong nagmisyon ang apoy ng banal na ebanghelyo sa limang bansang binisita nila, kasama na ang Brussels, Belgium (litrato 7), na siyang pangunahing lungsod ng European Union. Lahat ng pasasalamat at luwalhati ay sa Diyos na umaliw at nagbigay ng kapayapaan sa mga kaluluwa ng mga taga-Europa dahil sa pagkilos ng Espiritu na parang kalapati!

## Pinakaunang Kumperensya sa Balkan ng WCDN-Bulgaria

Pinag-aaralan ng WCDN (World Christian Doctors Network, Samahan ng Mga Cristianong Doktor) ang mga banal na pagpapagaling batay sa impormasyong may kinalaman sa medisina na nagaganap sa bawat sulok ng mundo at pinatatatag ang pagiging totoo ng mga ito ayon na rin sa Biblia. Ang samahang ito ay may labimpitong sangay sa ibang bansa kasama na ang nasa Estados Unidos at Russia. Ang pandaigdigang kumperensya tungkol sa medisina ng mga Cristiano ay idinadaos taun-taon, dinadaluhan ito ng mga doktor mula sa buong mundo.

Kasama sa samahang ito ang WCDN-Bulgaria na naghahanda na para sa kumperensya sa susunod na taon, 2014. Samantala, mula Abril 26-28, 2013, idinaos ang First Balkan Conference, sa pagtutulungan ng Christian Center Sofia at Good Future and Hope Association. Nagkaroon rito ng mga pagtuturo tungkol sa iba't ibang paksa, pagpapakita ng mga banal na pagpapagaling, at mga seminar. Ang mga dumalo ay nagkaroon ng masayang pakikisama sa iba pang Cristiano. Ipinanalangin nila ang mga bansa sa Balkan Peninsula.

# Ang Pag-ibig ay Hindi Nagtatala ng mga Pagkakamali

"[Ang pag-ibig ay] hindi magaspang ang kilos. Hindi nito ipinipilit ang sariling kagustuhan, hindi mayayamutin, hindi nagtatala ng mga pagkakamali." (1 Mga Taga-Corinto 13:5)



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Ipagpalagay nating may dalawang taong nasa iisang sitwasyon. Positibo ang pananaw ng isa, ang isa naman ay nanghuhusga at negatibo ang pag-iisip. Sa isa pang situwasyon, mayroong isang tao na nag-aakalang ang masamang bagay na narinig niya ay tungkol sa kanya pero hindi naman pala siya ang itinutukoy. Naging dahilan pa siya para mapahiya ang ibang tao. Ang mga saloobing mabuti ay nagbibigay sa atin ng kapayapaan at buhay, pero ang masasamang saloobin ay nagiging dahilan ng pasakit at lungkot sa buhay. Mayroon ding masamang impluwensya ito sa ibang tao.

Ang tinutukoy na 'pagkakamali' dito ay kahit na anong bagay na hindi ayon sa kalooban ng Diyos. Anong dapat nating gawin para makamit ang espirituwal na pag-ibig na hindi nagtatala ng mga pagkakamali?

### 1. Hindi pagtatala ng pagkakamali

#### 1) Huwag ninyong hangarin na may mangyaring masama sa ibang tao.

Ipagpalagay nating naiinggit kayo sa kaibigan ninyong napakayaman. Kung iniisip ninyong, "Mayaman siya, pero ako, ano? Gusto ko siyang mabigo," masama ang saloobing ito. Kung mayroon kayong espirituwal na pag-ibig sa puso ninyo, hindi kayo magkakaroon ng napakasamang saloobin tulad nito.

Walang may gustong magkasakit o maaksidente ang mga pinakamamahal nila. Gusto nating maging laging malusog at malayo sa aksidente ang mahal nating asawa. Kung gusto ninyong may mangyaring masama sa ibang tao at nasisiyahan kayo sa kalungkutan ng iba, nagpapakita ito na wala kayong pagmamahal sa puso ninyo. Ito rin ang dahilan kung bakit gusto ninyong malaman ang mga kasalanan at kahinaan ng iba, para maitsismis ninyo ang tungkol dito sa ibang tao.

Siyempre, may mga pangyayari at pagkakataong kailangan ninyong makinig dahil gusto ninyong malaman ang mga bagay tungkol sa buhay ng isang tao. Gusto ninyo siyang pigilan sa maling daan at dalhin sa tama. Pero, kung minsan, interesado kayo dahil gusto ninyong siraan at itsismis ang ibang tao.

Sinasabi sa Kawikaan 17:9, "Ang nagpapatawad ng kasalanan ay humahanap ng pagmamahalan, ngunit ang nagpapaulitulit sa usapin ay naghihiwalay ng magkakaibigan." Ang mabubuting tao na may pag-ibig sa puso nila ay magsisikap na takpan ang mali ng iba. At hindi sila maiinggit o magseselos kung mayaman ang ibang tao. Sa halip, masaya sila para sa mga ito.

#### 2) Huwag kayong manghusga at manghatol sa ibang tao

Ipagpalagay nating may nakita kayong isang mananampalataya na papunta sa isang lugar na hindi dapat puntahan ng mga mananampalataya. Anong iisipin ninyo? 'Paano kaya niya nagagawa ang ganito?' Magiging masama ang tingin ninyo sa kanya. O kaya, magtataka kayo, 'Bakit kaya siya pupunta sa ganoong lugar?' Nawa ay magbago ang iniisip ninyo at makitang marahil may dahilan kung bakit siya pupunta doon.

Kung mayroong kayong espirituwal na pag-ibig at hindi masama ang puso ninyo, ni hindi kayo mag-iisip ng ganito. Kahit may narinig kayong hindi mabuti, hindi kayo manghuhusga hangga't hindi ninyo batid ang totoong pangyayari.

Sinasabi sa Santiago 4:12, "Iisa ang Tagapagbigay ng kautusan at Hukom, Siya na may kapangyarihang magligtas at pumuksa. Kaya, sino ka na humahatol sa iyong kapwa" Diyos lang ang pwedeng magbigay ng tamang hatol bilang Hukom. Masama kung tayo ang manghahatol.

Ipagpalagay nating kitang-kita ang maling ginawa ng isang tao. Para sa taong may espirituwal na pag-ibig, hindi na mahalaga iyon. Iisipin lang niya ang makakabuti sa taong iyon. Hindi lang tatakpan ang pagsuway nito, bibigyan pa ito ng pagkakataong magsisi. Dapat nating mahalin kahit ang mga taong maraming kasalanan, lalong-lalo na ang walang kasalanan. Kung napakadali para sa inyong manghusga at manghatol ng ibang tao, wala kayong espirituwal na pagmamahal.

#### 3) Kung ang iniisip ninyo ay hindi naaayon sa kalooban ng Diyos, iwaksi ninyo ito

Sa mundo, sinasabing mabuting tao ang mga taong may magandang ugali at may konsiyensya. Pero hindi pa rin ito maaaring maging pinakapamantayan ng kabutihan dahil marami pang bagay ang laban sa Salita ng Diyos. Ang Salita ng Diyos lang ang pinaka- pamantayan ng kabutihan. Ang lahat ng mga bagay na hindi bahagi ng Salita ay masama at kasalanan.

Kapag tinanggap ng isang tao ang Panginoon, inaamin niya na makasalanan siya. Baka inisip niya dati na mabuti siya, pero kung ibabatay niya ang buhay niya sa Salita ng Diyos, maraming kasalanan ang makikita niya. Kaya aaminin niyang makasalanan siya at magsisisi.

Ipapaliwanag ko dito ang pagkakaiba ng kasalanan at kasamaan sa pamamagitan ng isang puno. Ang 'kasamaan' ay parang ugat na nakabaon sa lupa, hindi ito nakikita at ang 'kasalanan' ay parang mga sanga, dahon, at bunga. Kung ang mga sanga, dahon, at bunga ay nanggagaling sa ugat, ang 'kasalanan' ay nagmumula sa 'kasamaan'.

Ang kasamaan ay ugaling nasa puso ng tao tulad ng ugat na nakabaon sa lupa. Kapag ang kasamaang ito ay lumabas sa kilos o saloobin, tinatawag na itong 'kasalanan'. Sinasabi sa Lucas 6:45, "Ang mabuting tao mula sa mabuting kayamanan ng kanyang puso ay nagbubunga ng kabutihan. At ang masamang tao mula sa masamang kayamanan ay nagbubunga ng kasamaan. Sapagkat mula sa kasaganaan ng puso ay nagsasalita ang kanyang bibig."

Ipagpalagay nating may isang taong nagsasalita ng masama at nananakit sa taong kinaiinisan niya. Dito lumalabas ang 'galit', ang kasamaan na nasa puso niya, bilang 'masasamang salita' at 'karahasan'. Tiyak na kasalanan ang mga ito. Pero hindi lahat ng tao ay gumagawa ng kasalanan kahit na masama ang puso nila. Kung may disiplina sila o nakakapagpigil sila dahil sa Salita ng Diyos, hindi lumalabas ang kasamaan bilang kasalanan. Pero dahil mayroon pa silang kasamaan sa puso nila, hindi sila pwedeng tawaging banal. Matatawag lang silang banal at mayroong espirituwal na pag-ibig kapag natanggal na nila ang lahat ng makasalanang ugali sa mga puso nila.

Ang Diyos ay pag-ibig. Ang mga utos ng Diyos ay pwedeng sabihing tungkol sa 'pag-ibig'. Kaya, dapat nating malaman na masama at kasalanan hindi lang ang magalit sa ibang tao kundi pati ang hindi magmahal. Tanggalin natin ang lahat ng klase ng kasamaan, at mas ibigin pa ang ibang tao.

### 2. Para makamit ang espirituwal na pag-ibig

Higit sa lahat, huwag nating tingnan at pakinggan ang mga kasinungalingan. Kahit makita at marinig natin ito, huwag na natin itong tandaan o isipin ulit. Pero ang problema, hindi natin makalimutan ang mga bagay na ito kahit magsikap tayo. Kung gayon, kailangan nating manalangin ng taimtim at magpatulong sa Banal na Espiritu. Huwag nating sadyaing isipin at alalahanin ang mga bagay na ganito. Kahit saglit lang natin maisip ang mga ito, iwaksi agad natin. At huwag na tayong makibahagi sa masasamang gawain.

Minamana ng mga tao ang makasalanang likas mula sa mga magulang nila at dumadaan sila sa maraming kasinungalingan sa buhay. Batay sa makasalanang likas at mga kasinungalingang pinagdadaanan niya, nabubuo ang 'sarili' niya. Mas pamilyar tayo sa kasinungalingan kaysa sa katotohanan, kaya mas madali para sa atin na tanggapin ito kaysa iwaksi. Kung mahal na mahal ninyo ang isang tao, gugustuhin ninyo kung ano ang gusto niya at aayawan ang mga ayaw niya. Pareho nito, magagawa nating sundin ang mga utos at maiiwaksi ang lahat ng kasamaan kapag minamahal natin ang Diyos nang lubusan.

Susunod, para makamit ang espirituwal na pag-ibig, dapat gawin nating 'tinapay ng buhay' ang Salita ng Diyos at maalab na manalangin. Kapag pagbubulaybulayan natin ang Salita Niya araw at gabi, maiitaboy natin ang masasamang saloobin at magkakaroon ng mabubuti. At kung taimtim ang pananalangin natin, makikita natin ang kasamaan sa saloobin, salita, at mga gawain natin na hindi natin napapansin. Maiiwaksi na natin ang mga ito.

Mahal kong mga kapatid, hindi nagtatala ng mga pagkakamali ang espirituwal na pag-ibig. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na magiging espirituwal kayo at palaging mabuti ang saloobin. Nawa'y kumilos kayo sa katotohanan sa pamamagitan ng mabilis na pagtatanggal ng lahat ng klase ng kasamaan sa tulong ng Salita ng Diyos at maalab na pananalangin.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



# Ang Batang Espirituwal

Sa Mateo 18, lumapit kay Jesus ang mga alagad Niya at sinabi, “Sino ang pinakadakila sa kaharian ng langit?” At tinawag ni Jesus ang isang maliit na bata at inilagay sa gitna nila, at sinabing, “Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, malibang kayo'y magbago at maging tulad sa mga bata, kailanma'y hindi kayo makakapasok sa kaharian ng langit. Sinumang magpakumbaba nang tulad sa batang ito ay siyang pinakadakila sa kaharian ng langit.”

Sinasabi sa atin ni Jesus na tularan natin ang mga bata sa espirituwal na buhay natin dahil maraming mabubuting bagay ang makukuha natin sa kanila. Pag-aralan nating mabuti kung paano natin makakamit ang kalooban at isipan ng isang bata.

## Ang mga saloobin at gawain ng isang batang espirituwal ay madaling unawain at hindi magulo

Ang mga saloobin at gawain ng isang bata ay hindi magulo, simple lang ang mga ito. Tinatanggap nila kung ano ang itinuturo sa kanila. Kaya, kung tutularan natin ang mga bata sa espirituwal na buhay, susunod tayo sa Salita na nagsasabi sa atin na ‘gawin’, ‘huwag gawin’, ‘panatilihin’, at ‘iwaksi’ ang isang bagay.

Sa kabaliktaran, ang isang taong may puso ng matanda ay may posibilidad na husgahan ang Salita ng Diyos ayon sa sarili niyang pamantayan, pinapakinggan lang niya ang mga bagay na gusto niyang marinig, at sinusunod ang mga inaakala niyang kaya niyang gawin. Hindi niya tinatanggap ang mga opinyon ng iba at hindi nauunawaan ang kabutihang ginagawa nila. Tinitingnan niya ang mga ito sa sariling paraan ng pag-iisip. Dahil tinitingnan niya ang mga bagay ayon sa tingin niyang nararapat at sa pamamagitan ng nakamit niyang kaalaman, hindi niya nauunawaan, hinuhusgahan, at malamang na hatulan pa niya ang ibang tao.

Ang mga taong tulad nito ay hindi naniniwala sa mga pagkilos ng Diyos na nakatala sa Biblia. Hindi nila matanggap ang mga tanda at himala tulad ng hindi paggalaw ng araw at ng buwan, pagkahati ng Dagat na Pula, at tubig na umagos mula sa bato sa pamamagitan ng isang hampas.

Higit pa riyan, hindi nila kayang sundin ang Salita ng Diyos dahil sinasabi nito na paglingkuran nila ang ibang tao; magpakumbaba; ibaling ang kaliwang pisngi kapag sinampal ang kanan; ibigay rin ang balabal kapag hiningi ang baro; at lumakad ng dalawang milya kasama ng sinumang pumilit sa kanila na lumakad ng isa.

Gusto ng Diyos na sundin ng minamahal Niyang mga anak ang Salita Niya tulad ng pagsunod ng isang bata. Tulad ni Abraham, hindi siya nagdahilan o umiwas nang sabihin sa kanya ng Diyos na ialay ang nagiisang anak niyang si Isaac bilang handog na susunugin. Nang iutos ito sa kanya ng Diyos, sumunod siya agad na nagtitiwala sa mabuting kalooban ng nito.

Para maging dakila sa Langit, dapat nating matutuhan ang katotohanan, paniwalaan ang natutuhan natin, at sundin ito tulad ng isang batang espirituwal.

## Dalisay ang puso at isipan ng isang batang espirituwal

Kapag sinasabi nating ang isang bagay ay ‘dalisay’, ang ibig sabihin nito ay ‘walang halong kahit na ano’. Sa madaling salita, kapag sabihing mayroong ‘dalisay na puso’, nangangahulugan itong hindi masama o marumi. Ang taong may dalisay na puso ay sensitibo o madaling makaramdam, sa kahit maliliit na bagay.

Halimbawa, ang batang espirituwal ay mabilis umiyak at tumawa. Kapag nagsasayaw at kumakanta ang iba, ginagaya niya ang mga ito. Madali siyang patawanin kahit masama ang loob niya. Kung pinalo ang mga kapatid niya dahil sa maling ginawa at nagsiiyak, nakikiiyak siya. Kapag may sakit ang nanay niya, nalulungkot siya.

Sa kabilang banda, ang mga matatanda, na hindi dalisay, ay manhid sa mga ganitong bagay (Lucas 7:32). Ito ay dahil nabahiran na sila ng mga makamundong bagay at kasinungalingan habang nabubuhay sila sa mundo. Samantala, naging matigas na ang mga puso nila at wala na silang pakiramdam.

Gayon pa man, ang batang espirituwal ay nasisiyahan sa mga bagay na mabuti kahit maliit lang ito dahil dalisay ang puso nila. Kaya may maalab silang paghahangad sa mga pagkilos ng Diyos at patuloy na naaantig ang puso nila sa mga patotoong naririnig nila kahit paulit-ulit ang mga ito. Sensitibo sila sa masama at kasinungalingan, kaya nakokosiyensya sila kapag may ginawa silang mali.

Sa kabilang banda, ang isang ‘matandang’ espirituwal ay mas hindi nakokonsiyensya kaysa sa batang espirituwal, kahit nagkakasala siya. Kung may bahid na ng kasalanan ang isang tao, mas hindi siya sensitibo tungkol sa kasamaan kahit ginagawa niya ito. May mga mananampalatayang katulad ng matandang espirituwal habang tumatagal sila sa buhay Cristiano. Kahit na parang masigasig sila sa buhay Cristiano nila, kung patuloy silang makikipagkasundo sa mundo, mawawala na ang pagiging sensitibo nila tungkol sa kasalanan at magiging pabaya na sila. Tinatalikuran ng mga taong ito ang pagpapala kung sa tingin nila ay wala silang makukuhang pakinabang sa isang bagay, ginagawa nila ang gusto nilang gawin. Bihirang-bihirang lalabanan nila ang kasalanan hanggang sa dumanak ang dugo.

Mababasa natin sa 1 Pedro 2:2, “Gaya ng sanggol na bagong silang ay mithiin ninyo ang malinis na espirituwal na gatas...” Gusto ng Diyos na maging tulad tayo ng mga bagong silang na sanggol sa espiritu at hangarin ang katotohanan at espirituwal na mga bagay. Ang dahilan nito ay sapagkat ang pinakadakilang kaharian sa Langit, ang Bagong Jerusalem, ay kung saan makakapasok ang mga may dalisay at malinis na puso tulad ng mga bata.

## Hindi mayabang ang batang espirituwal

Hindi ipinipilit ng mga bata ang opinyon nila, ayaw nilang purihin ang sarili nila o 'magbuhat ng sariling bangko'. Halimbawa, kapag hindi nila kayang gawin ang isang bagay, lumalapit sila sa matatanda para magpatulong. Ito ay dahil tanggap nilang mas may nalalaman at kapangyarihan ang matatanda. Kaya nagpapakumbaba sila para magpatulong. Natural lang sa kanila na gawin ito.

Magkakatulad ang mga batang espirituwal. Mapagkumbaba sila sa harap ng mga batang katulad nila at sa harap ng Diyos, naglilingkod sila sa ibang tao. Hindi nila ipinipilit na sila ang tama. At sinasabi nila ng taos-puso na wala silang magagawa kung hindi sila tutulungan ng Diyos. Hindi nila hinuhusgahan o sinusuway ang Salita ng Diyos, sinusunod lang nila ito.

Mababasa natin sa 1 Pedro 5:5, “...ang Diyos ay sumasalungat sa mga palalo, ngunit nagbibigay ng biyaya sa mga mapagkumbaba.” Nakikinig ng mabuti ang mga mapagkumbaba kahit sa mga bata, at sa pamamagitan ng pag-uusap, may natutuklasan sila na dapat baguhin sa buhay nila at nagbabago sila. Dahil mas mahalaga sa paningin nila ang ibang tao kaysa sa sarili nila, nagagawa nilang maglingkod sa iba. Umaasa sila sa karunungan at lakas ng Diyos, hindi nila ginagamit ang sariling paraan o ideya sa kahit na anong bagay na ginagawa nila.

Samakatwid, kung sinuman ang haharap sa Diyos pagkatapos isuko ang sarili nilang mga karanasan, karunungan, kayamanan, kapangyarihan, at katungkulan, mararanasan nila ang kamangha-manghang karunungan at kapangyarihan ng Diyos.

# "Salamat Panginoon, pinagaling Mo ang sakiting katawan at sugatang puso"

Diakonesa Amaraa Tserendorj (Mongolia Manmin Church)

Mula noong 5 taong gulang ako, kasama ko na sa tirahan ang amain ko. Mas nakakiling siya sa iba kong mga kapatid, at palagi siyang lasing. Iniinsulto niya ang nanay ko at malupit siya. Ganito ang kinalakhan kong pamilya kaya hindi ako natutong magmahal at tumanggap ng pagmamahal mula sa ibang tao. Ayaw kong magpakita ng kahinaan sa iba, madali rin masaktan ang damdamin ko. Natuto akong ipilit ang sariling kagustuhan dahil wala naman akong maaasahang ibang tao.

Noong 1992, nagsimba ako para mapayapa ang isipan. Pero sinaktan ng mga miyembro ang damdamin ko dahil hindi ko pa batid ang katotohanan noong mga panahong iyon. Naging dahilan ito para lumayo ako sa Panginoon. Samantala, naging malala ang sintomas ng impeksyon ko sa bato. Bata pa ako, sakit ko na ito. Nahihirapan akong umihi, may kasamang dugo ang ihi ko. At matindi ang pananakit ng likod ko kaya hindi ako makapaglakad nang maayos, mas madalas akong nakahiga. Noong 1996, nagkasakit ako ng Hepatitis B. Hindi nagtagal, nagpakasal ako, nagkaanak, at namuhay nang masigasig. Pero nagdusa ako dahil sa hindi kami magkasundo ng asawa ko.

Nag-aral ako ng Ingles sa National University of Mongolia at naging guro ng wikang ito noong taong 1998. Noong 2011, bumalik ako sa bisig ng Panginoon dahil sa panghihikayat ng ibang tao. Sumasamba ako kapag Linggo kasama ng mga misyonerong mula sa ibang bansa sa isang tradisyonal na tent ng Mongolia na tinatawag na 'gers'. Nagtayo din ako ng isang eskuwelahan para makapagturo ako ng wikang Ingles sa mahihirap.

Noong Hunyo, 2012, naimbitahan ako sa isang iglesya para turuang mag-Ingles ang mga miyembro. Binigyan ako ni Pastor Arionchak ng *Balitang Manmin* sa edisyong para sa Mongolia. Pagkatapos kong basahin ito, bumisita ako sa Mongolian Manmin Church na pinaglilingkuran ni Misyonero Botzorig Purub. Noong oras na iyon, nagdadaos ng Linggong pagsamba ang mga miyembro kasabay ng Manmin Central Church sa pamamagitan ng internet.



Ipinapaliwanag ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang tungkol sa mga kasalanan na kailangang iwaksi para makatayo sa bato ng pananampalataya. Napakadaling unawain, simple lang ang pagtuturo niya. Naantig ako sa mensahe niya. Dahil nalaman ko ang tungkol sa kalooban ng Diyos, nagkaroon ng bagong sigla ang espiritu ko at napuspos ng Espiritu.

Hindi nagtagal, nagdaos ng retreat sa tag-init ang Mongolia Manmin Church. Ipinangaral ng misyonerong si Botzorig Purub ang tungkol sa Message of the Cross. Sa mensahe niya, natutuhan ko ang dahilan kung bakit nagpunta si Jesus dito sa mundo bilang Tagapagligtas at ang kahulugan ng pagpapako sa Kanya sa krus. Pinagpalang panahon ito para magkaroon ng bagong pundasyon ang pananampalataya ko.

Naranasan ko ang mga tanda na ipinakita ng Diyos sa pagsamba at papuri sa tabi ng 'camp fire'. Kapag gabi, ang langit ay natatakpan ng mga ulap. Pero nang sumigaw ng may pananampalataya ang mga dumalo ng "O Diyos, pakitaan Mo po kami ng mga bituin, pakiusap!" nahawi ang ulap at hindi mabilang na mga bituin ang naglabasan. Higit pa riyan, nakakita ako ng mga bituin na naggagalawan. Lalo kong pinaniwalaan ang pangyayaring sinundan ng tatlong pantas mula sa silangan ang bituin na nagdala sa kanila sa lugar kung saan ipinanganak si Jesus.

Pagkatapos kong maranasan ang mga ito, naniwala ako na pwede akong gumaling sa lahat ng mga karamdaman ko. Nanalangin ako sa pinakamakapangyarihang Diyos, sumamba sa espiritu at katotohanan, at tinanggap nang may pananampalataya ang panalangin para sa mga maysakit ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee pagkatapos niyang mangaral. Dahil dito, gumaling ang hepatitis B ko na 17 taon kong pinoproblema at ang hindi gumagaling na impeksyon sa bato. Hallelujah!

Nakilala din ng kapatid kong doktor at ng iba pang mga kamag-anak ko ang Diyos dahil nakita nilang naging malusog ulit ako. Nagsisimba na sila ngayon. At mula noong Disyembre, 2012, biniyayaan ako sa pagsasalin ng libro ni Dr. Lee na *Ang Sukatan ng Pananampalataya* at *Balitang Manmin* sa wika ng Mongolia. Masayang-masaya ako dahil nalalaman ko ang kalooban ng Diyos habang nagsasalin. Lahat ng pasasalamat at luwalhati ay sa Diyos na nagbibigay sa akin ng tunay na kaligayahan.

# "Pinagsisihan ko ang maligamgam kong pananampalataya at ibinalik ang unang pag-ibig ko"



Kap. Maria Chung
(Pinakaunang Misyon para sa Kabataan)

Mayroong napakalaking pagbabagong nangyari sa buhay Cristiano ko noong nasa ika-12 baitang ako. Nangyari ito habang pinangungunahan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang Mini Divine Healing Crusade (maliit na krusadang may banal na pagpapagaling) para sa mga estudyante pagkatapos ng pagsamba sa Linggo ng gabi.

Sabi niya, nalulungkot siya dahil maraming estudyante ang nababahiran ng kasamaan at kasalanan sa mundo. Sinabihan niya kami na huwag magkasala at binigyang diin na mayroong Langit at Impiyerno. Hinimok niya kaming mahalin ang Diyos at ang Panginoon, at nagtanim siya ng pag-asa para sa Langit sa mga puso namin.

Higit pa riyan, walang pasubali ang pagbigay niya ng suporta sa mga estudyante sa mga pangangailangan nilang pampinansyal para makabayad sila ng matrikula o makabili ng mga libro, notebook, at iba pang pangangailangan. Damang-dama namin ang malalim na pagmamahal niya, kaya nagsimula kaming magbago.

Kahit nahihiya, humingi ako ng haegeum, isang tradisyunal na instrumento ng Korea. Parang biyolin ito na may mga kuwerdas. Nageensayo ako dahil pinaghahandaan ko ang pagpasok ko sa kolehiyo (music department). Si Dr. Lee ang nagbayad para dito. Masigasig akong nag-aral para mabayaran ko ang pagpapala niya. Natanggap ako sa Department of Korean Traditional Music sa Yongin University.

Noong Pebrero, taong 2013, nakaramdam ako ng kakaibang sintomas sa kalusugan ko. Nagsimula akong umubo ng madalas, at may dugo pa. Nakita sa pagsusuri na maysakit ako sa baga. Kahit nabigla ako, sinuri ko ang naging buhay ko, nagsisi ako. Nakita kong maligamgam ang pananampalataya ko, hindi ko minahal ng buong init ang Diyos, at nanatili akong nakikipagkasundo sa mga makamundong bagay. Nanalangin ako sa pulong panalanging Daniel gabi-gabi, at nagsisi na mas minahal ko pa ang mundo kaysa sa Diyos Ama, at sa pamilya ko, at kung minsan, ni hindi ako marunong magpasalamat.

Pagkatapos, nadama ko ang malalim na pag-ibig ng Diyos at mas hinangad ko ang mga espirituwal na bagay. Lumuha ako ng lubos. Pagkatapos, huminto na ang ubo ko at pagsusuka ng dugo. Nakakain na rin ako ng maayos. Pagkatapos kong tanggapin ang panalangin ni Dr. Lee, nawala na ang sakit ko sa baga, gumaling na ako ng lubos. Hallelujah!

Nakita ko ang mga pagkukulang ko sa puso ko at ang mga bagay na binabalewala ko. Naranasan ko rin ang pag-ibig ng Panginoon na ipinako sa krus para sa akin. Nagpapasalamat ako kay Dr. Lee na nanalangin para sa akin nang may kapangyarihan.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714